IJAMS INTERNATIONAL JOURNAL OF ADVANCED MULTIDISCIPLINARY STUDIES
Volume V, Issue 8 August 2025, eISSN: 2799-0664

# Ang Bisa ng Pagsasadula Bilang Dulog sa Pagtuturo Ng mga Piling Epikong Filipino

**JERRYLOU B. CARBUNA**
Master of Arts in Teaching Filipino
Rizal Memorial Colleges, Inc.

*Abstrak* — Nilalayon ng pananaliksik na ito na matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kahusayan ayon sa pre-test mean score sa mga piling epikong Filipino ng mga mag-aaral na nasa mga pangkat eksperimental at pangkat kontrol. Layunin din nitong malaman kung may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kahusayan ayon sa post-test mean score sa mga piling epikong Filipino ng mga mag-aaral na nasa eksperimental at pangkat kontrol. Ang pag-aaral ay nakatuon sa pag-alam ng bisa ng pagsasadula bilang dulog sa pagpapaangat ng kahusayan ng mga mag- aaral sa mga piling epikong Filipino ng baitang 8 sa Mataas na Paaralang Pambansang Sta. Ana ng Lungsod ng Davao. Taong panuruan 2023-2024. Ginamit ang disenyong non-equivalent pre-test at post-test. Lumabas sa pag-aaral na ang pre-test ay may p-value na 0.533 na kung saan tinanggap ang hipotesis samantala, lumabas din sa pag-aaral na ang post-test ay may p-value na 0.03 na kung saan di- tinangggap ang hipotesis. Ipinakita na epektibo ang dulog na pagsasadula sa pagpapaangat ng kahusayan sa epikong Filipino. Inirerekomenda na mahusay na gamitin ang dulog na pagsasadula sa pagtuturo ng mga piling epikong Filipino. lumahok sa mga pagsasadula na ipinapagawa ng guro upang magkaroon ng kaalaman, matuklasan ang kanilang talento sa pag-aarte at makakuha nang mataas na marka.

***Keywords* — *Bisa, pagsasadula, dulog, pagtuturo ng piling epiko***

## I. Introduksyon

Sa kasalukuyang kalagayan ng edukasyon sa Pilipinas, kinikilala ang kahalagahan ng makabago at dinamikong mga estratehiya sa pagtuturo upang mapataas ang antas ng partisipasyon, pag-unawa, at kasanayang komunikatibo ng mga mag-aaral. Isa sa mga estratehiyang ito ay ang pagsasadula, na itinuturing na mabisang pamamaraan sa pagtuturo ng panitikan. Gayunman, sa aktuwal na praktika, nahaharap ang mga guro sa iba't ibang suliraning pedagohikal na may potensyal na makaapekto sa bisa at kalidad ng pagkatuto. Maraming mag-aaral ang hindi naglalaan ng sapat na oras sa pagbabasa at pag-unawa sa aralin, na humahantong sa mababang antas ng pakikilahok at motibasyon sa klase.

Ayon kina Knight at White (2020), nauugnay ang mababang partisipasyon ng mga mag-aaral sa kawalan ng interes na maaaring bunga ng hindi paggamit ng makabagong metodolohiya tulad ng pagsasadula. Pinatotohanan ito ng pag-aaral nina Santos at Villanueva (2023) na nagpapakita ng mababang retensyon at pagkatuto sa mga klaseng hindi isinasama ang pagsasadula. Sa ibang bansa gaya ng Amerika at Indonesia, napatunayan ng mga pag-aaral (Lawless, 2019;

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Rusyati, 2019) na ang pagsasadula ay nakatutulong sa paglinang ng kasanayan sa pag-unawa, pakikipagtalastasan, at pagbibigay-kahulugan sa mga tekstong pampanitikan.

Sa konteksto naman ng Pilipinas, ipinakikita sa mga pag-aaral nina Gracia at Peña (2021) at Tuastomban (2024) ang malaking potensyal ng pagsasadula bilang pedagogical strategy na nakapagpapasigla ng imahinasyon, empatiya, at mas malalim na pag-unawa ng mga mag-aaral. Subalit, hindi pa rin maikakaila na may mga hamon sa implementasyon nito, lalo na kung hindi isinaalang-alang ang learning styles at kakayahan ng mga mag-aaral. Idinagdag pa nina Banach et al. (2020) na nakatutulong ito upang mapaunlad ang tiwala sa sarili at kasanayang komunikatibo ng mga mag-aaral.

Sa lokal na konteksto ng Sta. Ana National High School sa Lungsod ng Davao, lumitaw ang pangangailangan na siyasatin ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsasadula, partikular sa asignaturang Filipino na tumatalakay sa mga piling epikong bayan. Ayon sa datos mula sa In-Service Training noong Marso 2023, kinilala ng mga guro ang kahalagahan ng pagsasanay sa estratehiyang ito ngunit nananatili ang hamon sa aktwal na aplikasyon nito sa silid-aralan.

Bunsod nito, layunin ng pananaliksik na ito na suriin ang antas ng kahusayan sa pagsasadula ng mga piling epikong Filipino ng dalawang pangkat, eksperimental at kontrol batay sa kanilang pretest at post-test na resulta. Inaasahang malilinawan sa pag-aaral na ito kung may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kahusayan ng mga mag-aaral sa bisa ng pagsasadula bilang estratehiya sa pagtuturo ng panitikan, na maaaring magsilbing batayan para sa pagpapahusay ng kasalukuyang pedagogical practices ng mga guro sa Filipino.

**Sintesis (Pinaikli)**

Sa mabilis na pagbabago sa edukasyon, mahalagang gamitin ang mga estratehiyang epektibo sa pagtuturo, tulad ng pagsasadula. Napatunayan sa mga lokal at pandaigdigang pag-aaral na ito'y nakatutulong sa pag-unawa, komunikasyon, at motibasyon ng mga mag-aaral. Bukod sa kognitibong aspeto, nahuhubog din ang emosyonal at sosyal na kasanayan ng mga mag-aaral.

Bagamat may mga hamon tulad ng kakulangan sa kumpiyansa at pagkakaiba ng kakayahan sa klase, nagiging matagumpay ang pagsasadula sa tulong ng gabay ng guro, malinaw na pamantayan, at aktibong partisipasyon. Sa kabuuan, ang pagsasadula ay hindi lamang alternatibo kundi isang makabuluhang karanasan sa pagkatuto na nagpapalalim sa pag-unawa sa panitikan at nagpapalakas ng kolaborasyon, tiwala sa sarili, at malikhaing pag-iisip.

**Teoretikal/Konseptuwal na Balangkas**

Ang pananaliksik na ito ay nakabatay sa Experiential Learning Theory nina Kolb at Kolb (2017) na binubuo ng apat na yugto: karanasan, pagmumuni-muni, pag-iisip, at pagsasabuhay. Ayon kina Eder & Dignath (2021) at Rosmayanti & Muhyahrif (2019), ang pagkatuto ay mas epektibo kapag ito'y nag-ugat sa aktwal na karanasan.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Pinatotohanan ni Burman (2021) na ang pagkatuto ay bunga ng pag-aangkop at pagproseso ng bagong karanasan. Samantala, binigyang-diin ni Keezhatta (2020) ang kahalagahan ng malinaw na gabay sa implementasyon ng pagsasadula, habang sina Ayu at Aminatun (2021) ay nagpanukala ng tuloy-tuloy na pagsasanay at suporta para sa mga guro.

Ang mga teoryang ito ang nagsilbing pundasyon ng pag-aaral upang matiyak ang bisa ng estratehiyang pagsasadula sa pagtuturo ng epikong Filipino at upang gabayan ang pagsusuri ng datos at pagbubuo ng kongklusyon.

**Mga Kaugnay na Mahahalagang Literatura**

Ang pagsasadula bilang pedagogical na estratehiya ay napatunayang epektibo sa pagpapataas ng kasanayan sa pag-unawa, pakikipagtalastasan, at kolaborasyon ng mga mag-aaral. Ayon kina Amir (2020) at Karaosmanoglu (2022), ang pagsasadula ay nagsisilbing dinamiko at praktikal na instrumento sa pagtuturo ng panitikan, kung saan pinagsasama ang wika, damdamin, at malikhaing pag-iisip. Sinuportahan ito ng mga pag-aaral nina Amirkhanova at Bobyreva (2020), na nagsabing nakatutulong ito sa paglinang ng komunikasyon, bokabularyo, at lohikal na pag-iisip ng mga mag-aaral.

Sa kontekstong lokal, ipinakita nina Gracia at Peña (2021) at Tuastomban (2024) na ang pagsasadula ay nakapagpapataas ng empatiya, interes, at kritikal na kasanayan sa pagbasa. Gayundin, lumitaw sa mga pananaliksik nina Rivera at Villanueva (2022) at Yulistia et al. (2021) na mas mataas ang naging post-test performance ng mga mag-aaral na ginamitan ng pagsasadula kumpara sa mga tinuruan sa tradisyunal na paraan.

Sa mga pag-aaral sa ibang bansa, tulad kina Lawless (2019), Nguyen (2021), at Setiawan (2022), napatunayan na ang pagsasadula ay epektibo hindi lamang sa literasi kundi pati na rin sa motibasyon, partisipasyon, at pag-unawa sa mga tekstong pampanitikan. Pinatotohanan din nina Rahayu (2022) at Aini et al. (2020) na ang pagsasadula ay nagbubunsod ng aktibong pagkatuto, pagpapalawak ng bokabularyo, at pagpapabuti ng kumpiyansa ng mga mag-aaral.

Bilang kabuuan, ipinakikita sa mga literature na ang pagsasadula ay isang makabuluhang estratehiya sa pagtuturo ng epiko. Nakatutulong ito sa paghubog ng kasanayang komunikatibo, kolaboratibo, at kognitibo ng mga mag-aaral. Gayunpaman, binibigyang-diin ng mga mananaliksik ang kahalagahan ng pagsasaalang-alang sa indibidwal na kakayahan at istilo ng pagkatuto upang maging ganap na epektibo ang pamamaraang ito.

## II. Pamamaraan

**Disenyo ng Pananaliksik**

Isinagawa ang pag-aaral gamit ang non-equivalent control group pretest-posttest design upang masukat ang epekto ng pagsasadula sa kahusayan ng mga mag-aaral sa pagtuturo ng epiko.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Binubuo ito ng eksperimental na pangkat na sumailalim sa interbensyon (pagsasadula) at kontrol na pangkat na ginamitan ng tradisyunal na pagtuturo.

**Mga Kalahok**

Ang mga kalahok ay piling mag-aaral sa Baitang 8 ng Mataas na Paaralang Pambansa Sta. Ana, Lungsod ng Davao, Taong Panuruan 2023–2024. Napili ang dalawang pangkat mula sa pang-umagang sesyon: ang "Eagle" bilang eksperimental, at "Birds of Paradise" bilang kontrol.

**Mga Instrumento at Pasilidad**

Gumamit ng validado at eksperto-sinuring instrumento para sa pretest at post-test. Ang pagtuturo ay isinagawa sa sapat na pasilidad tulad ng silid-aralan na may audio-visual support upang maisulong ang aktibong partisipasyon.

**Paglikom ng Datos**

Isinagawa ang pre-test sa parehong pangkat, sinundan ng apat na linggong interbensyon sa eksperimental na grupo. Pagkatapos, isinagawa ang post-test upang masukat ang epekto ng estratehiya. Ang datos ay inanalisa gamit ang angkop na estadistikal na paraan.

**Etikal na Pagsasaalang-alang**

Siniguro ang pagkuha ng informed consent, paggalang sa karapatan ng kalahok, at kompidensiyalidad ng lahat ng datos. Walang pansariling interes ang nakaapekto sa pag-aaral at isinagawa ito nang makatarungan, malinaw, at etikal.

**Benepisyo at Kaligtasan**

Tiniyak ng mananaliksik na ligtas at makabuluhan ang pagsali ng mga kalahok. Ang resulta ng pananaliksik ay inaasahang magbibigay ng batayan sa paglinang ng epektibong estratehiya sa pagtuturo ng epiko.

**Instrumento ng Pananaliksik**

Gumamit ang mananaliksik ng teacher-made test para sa pretest at post-test na binubuo ng 15 tanong mula sa tatlong napiling epikong Filipino. Ang mga tanong ay binuo gamit ang Higher Order Thinking Skills (HOTS) at inayon sa Talaan ng Espesipikasyon. Ipinabisa ang instrumento sa mga dalubhasa at ipinasailalim sa balidasyon upang matiyak ang bisa at kaangkupan nito.

Ayon sa Reliability Statistics, nakakuha ang talatanungan ng Cronbach’s Alpha na 0.863, na may interpretasyong very good reliability. Ginamit sa interpretasyon ang depinisyon ng antas mula sa DepEd Order No. 8, s. 2015.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

**Paglikom at Pagsusuri ng Datos**

Pinili ang mga kalahok ayon sa itinakdang pamantayan. Ipinagpaalam sa pamunuan ng paaralan ang pananaliksik at isinagawa ang pagsusulit sa oras ng klase. Sinigurado ang boluntaryo at kumpidensiyal na partisipasyon ng mga mag-aaral. Matapos masagutan ang pretest, isinagawa ang interbensyon sa eksperimental na pangkat at sinundan ng post-test para sa parehong pangkat.

Ang mga datos ay isinailalim sa sumusunod na estadistikang pagsusuri:

Mean – upang matukoy ang antas ng kahusayan ng mga mag-aaral;

Frequency count – upang makita ang distribusyon ng iskor;

t-test – upang matukoy ang makabuluhang pagkakaiba ng resulta sa pagitan ng eksperimental at kontrol na pangkat.

## III. Pagtalakay sa Mga Kinalabasan

***Pre-Test Resulta ng Pangkat Kontrol at Eksperimental***

Batay sa Talahanayan 2, kapwa mababa ang nakuha ng dalawang pangkat sa pre-test. Ang pangkat kontrol ay may kabuuang iskor na 72.00, habang 71.33 naman sa eksperimental. Ang lahat ng iskor ay may deskriptor na "lalong mababa." Nagpapatunay ito ng limitadong kaalaman ng mga mag-aaral ukol sa epikong Bantugan, Lam-ang, at Tuwaang bago ang interbensyon. Sinang-ayunan ito ng mga pag-aaral nina Cezar (2020), Boakye (2021), at Cruz et al. (2019) na ang mababang paunang kaalaman ay bunga ng kakulangan sa koneksyon sa akda, limitadong bokabularyo, at interes.

***Post-Test Resulta ng Pangkat Kontrol at Eksperimental***

Ipinakita sa Talahanayan 3 na mas mataas ang nakuha ng pangkat eksperimental (91.66) kumpara sa kontrol (86.66). Lalong mataas ang iskor ng eksperimental sa lahat ng epiko: Bantugan (92.00), Lam-ang (86.00), at Tuwaang (97.00), habang katamtaman hanggang mataas lamang ang sa kontrol. Ayon kay Rusyati (2019), naging mabisa ang dramatikong pamamaraan sa pagpapataas ng kaalaman dahil sa aktibong partisipasyon. Ipinatibay rin ito nina Amirkhanova & Boyreva (2020), at Williams (2019) na ang pagsasadula ay nagpapataas ng motibasyon, empatiya, at kritikal na pag-iisip.

***Makabuluhang Pagkakaiba ng Pre-Test***

Ayon sa Talahanayan 4, walang makabuluhang pagkakaiba sa pre-test ng dalawang pangkat. Ang mga p-value ay mas mataas sa 0.05, kaya tinanggap ang null hypothesis. Ipinapakita nito na pantay ang antas ng paunang kaalaman ng mga mag-aaral, na nagsilbing magandang

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

panimulang punto para sa pagsusuri ng epekto ng dramatikong interbensyon. Pinatunayan ito nina Manan & Mastul (2023) at Yacun et al. (2022), na ang tradisyunal na lektura ay hindi gaanong epektibo sa pagsisimula ng masigasig na pagkatuto.

***Makabuluhang Pagkakaiba ng Post-Test***

Batay sa Talahanayan 5, may makabuluhang pagkakaiba sa post-test ng pangkat kontrol at eksperimental. Ang mga p-value (<0.05) ay nagpapatunay na epektibo ang dramatikong interbensyon sa pagpapataas ng pagganap. Ang epikong Tuwaang ay nakapagtala ng pinakamataas na diperensya ng iskor. Ipinapahiwatig ng datos na higit na napukaw ang interes at pag-unawa ng mag-aaral sa tulong ng pagsasadula, gaya ng inilahad nina Rivera at Villanueva (2022), Patton et al. (2019), at Zakia et al. (2024).

## IV. Konklusyon

Sa pag-aaral na ito tinangkang bigyang tugon ng mananaliksik ang mga tanong sa pag-aaral ukol sa antas ng kahusayan sa pagtuturo ng pagsasadula sa mga piling epikong Filipino ng mga mag-aara sa Mataas na Paaralan ng Sta. Ana. Gayundin kung may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kahusayan sa pre-test at post-test.

Ang pangunahing layunin ng pananaliksik na ito ay matukoy ang antas ng kahusayan sa pagtuturo gamit ang dulog na pagsasadula. Sa mga mag- aaral na baitang 8 ng Mataas na Paaralang Sta. Ana. Saklaw rin nito ang pag-alam kung may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng bisa sa pagsasadula bilang dulog sa pagpapaangat ng kahusayan sa mga piling epikong Filipino ng pangkat kontrol at pangkat eksperimental ng dalawang piling seksiyon na mga mag-aaral ng baitang 8 ng Mataas na Paaralang Pambansa Sta. Ana National High School. Ang hipotesis ay sinubok gamit ang antas ng kahalagahan.

Sa ginawang pag-aaral sa antas ng kahusayan ayon sa pre-test mean score sa mga piling epikong Filipino ng mga mag-aaral na nasa pangkat eksperimental at pangkat kontrol na may parehong interpretasyon kabuuan na lalong mababa ang pangkat kontrol at lalong mababa ang pangkat eksperimental. Lumabas din sa pag-aaral sa antas ng kahusayan ayon sa post- test mean score sa mga piling epikong Filipino ng mga mag-aaral na nasa pangkat eksperimental at pangkat kontrol sa kabuuan na may pagkakaiba ng resulta na kung saan may interpretasyon na mataas ang pangkat kontrol habang may interpretasyon naman na lalong mataas ang pangkat eksperimental.

Samantala, sa pagkakaiba sa antas ng kahusayan ayon sa pre-test mean score sa mga piling epikong Filipino ng mga mag-aaral na nasa pangkat eksperimental at pangkat kontrol ay may kabuuang resultang 72.00 ang pangkat kontrol habang may kabuuang resulta naman na 71.33 ang pangkat eksperimental na kung saan may t-value na 3.68 na ang ibig sabihin ay mataas ang antas ng ugnayan ng dalawang pangkat. Napag-alaman din na may mataas na p-value at mataas ang level of significance, kung kaya ay tinanggap ang hipotesis. Nangangahulugan na walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kahusayan ayon sa pre-test mean score sa mga piling epikong Filipino ng

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

mga mag-aaral na nasa pangkat eksperimental at pangkat kontrol at samakatuwid, tinanggap ang hipotesis. Taliwas naman ang resulta sa pagkakaiba sa antas ng kahusayan ayon sa post-test mean score sa mga piling epikong Filipino ng mga mag-aaral na nasa pangkat eksperimental at pangkat kontrol sapagkat may kabuuang resulta ito na mataas habang may kabuuang resulta naman ang pangkat eksperimental na lalong matataas at ang t-value ay mababa ang ugnayan ng dalawang pangkat. Napag-alaman din na ang p-value ay 0.03 na mababa sa antas ng kahalagahan, kung kaya ay di-tinanggap ang hipotesis. Nangangahulugan na may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kahusayan ayon sa post-test mean score sa mga piling epikong Filipino ng mga mag-aaral na nasa pangkat eksperimental at pangkat kontrol at samakatuwid, di-tinanggap ang hipotesis.

Sa kabuuang pananaw, napag-alaman sa pag-aaral na walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kahusayan ayon sa pre-test mean score sa mga piling epikong Filipino ng mga mag-aaral na nasa pangkat eksperimental at pangkat kontrol sapagkat ito ay may t-value na 3.68 na nangangahulugang may mataas na ugnayan ang pangkat eksperimental at pangkat kontrol. Napag-alaman na ang p-value ay nasa mataas sa level of significance na 0.05, kung kaya ay tinanggap ang hipotesis. Samakatuwid, napag-alaman din na may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kahusayan ayon sa post-test mean score sa mga piling epikong Filipino ng mga mag-aaral na nasa pangkat eksperimental at pangkat kontrol sapagkat ito ay may t-value na nangangahulugang mababa ang ugnayan ng dalawang pangkat. Higit sa lahat, napag-alaman din na ang p-value ay nasa mababa sa level of significance, kung kaya ay di-tinanggap ang hipotesis. Ipinapakita nito na ang interbensyong ginamit sa pangkat eksperimental ay may positibong epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa resulta ng post-test, mas malinaw na naipakita ang pagbabago sa antas ng kahusayan ng mga mag-aaral sa pangkat eksperimental kumpara sa kontrol. Bunsod nito, maaaring ipalagay na ang aktibong estratehiya sa pagtuturo ay mas epektibo kaysa sa tradisyonal na pamamaraan.

**Konklusyon**

Batay sa mga natuklasan, humantong ang mananaliksik sa sumusunod:

Sa pangkalahatan, nasa lalong mataas ang mean score ang ipinakita ng post-test ng pangkat eksperimental at nasa mataas ang mean score ang ipinakita ng post-test ng pangkat kontrol. Ito ay nagpapatunay na pinaghandaan ng dalawang pangkat ang pagsusulit na ito ngunit ipinakita sa pangkat kontrol na nakasalig lamang sila sa kanilang mga natutunan batay sa lektyur ng guro. Hindi sila nagkaroon ng pagkataon na maggalugad pa upang mas mapagtagumpayan ang isang gawain. Samantala, ipinakita ng pangkat eksperimental ang lubusang pagpaplano, paggalugad at paghahanda tungo sa kagalingan at kahusayan ng kanilang awtput.

Ang kinalabasan ng pag-aaral ay maitutugma sa Self-Regulated Learning Theory (SRL) nina Zimmerman (2002) at Panadero (2017). Ayon sa teoryang ito, ang mga mag-aaral na may mataas na antas ng metakognisyon, motibasyon, at strategic action ay may kakayahang planuhin, subaybayan, at suriin ang kanilang sariling pagkatuto upang makamit ang akademikong tagumpay.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Sa konteksto ng pag-aaral, ang pangkat eksperimental ay malinaw na nagpakita ng self-regulated learning behaviors gaya ng pagpapaplano, paggalugad, at masusing paghahanda sa kanilang gawain, kaya't mas mataas ang kanilang nakuhang post-test scores. Samantala, ang pangkat kontrol, bagamat naghanda rin para sa pagsusulit, ay nakadepende lamang sa tradisyunal na lektura at sa input ng guro, kung kaya't kulang ang kanilang aktibong partisipasyon at sariling estratehiya sa pagkatuto.

Lumabas sa pag-aaral na may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kahusayan ayon sa post-test mean score sa mga piling epikong Filipino ng mga mag-aaral na nasa pangkat eksperimental at pangkat kontrol. Ipinakita sa pag- aaral na higit na mas epektibo ang pamamaraang pagplano at ang estratehiya ng pagsagawa ng gawain ng pangkat eksperimental sapagkat nakuha nila ang lalong mataas na resulta ng post-test.

Nangangahulugan din na pinagbutihan nila ang naturang gawain. Sa pangkat kontrol naman, ipinakita sa pag-aaral na nasa mataas ang resulta ng post-test na mas mababa pa sa resulta ng pangkat eksperimental. Nangangahulugan din na pinaghandaan at pinaplano din nila ngunit nakasalig lamang sila sa mga itinuro ng kanilang guro.

Ang mga kinalabasan ng pag-aaral na ito ay umaayon sa Principles and Theory Practices of Experiential Learning nina Kolb at Kolb (2017). Ayon sa kanilang teorya, ang aktibong partisipasyon at konkretong karanasan ay mahalaga upang mas maging makabuluhan at epektibo ang pagkatuto ng mag- aaral. Sa kaso ng pangkat eksperimental, ang paggamit ng estratehiyang nakabatay sa karanasan at aktibong paglahok ay nagbunga ng mas mataas na antas ng kahusayan, na nagpapakita ng bisa ng experiential learning bilang pundasyon sa mas malalim na pag-unawa at pagkatuto. Suportado rin ito ng pag-aaral nina Yardley, Teunissen, at Dornan (2012) na nagsasabing ang experiential learning ay mas epektibo kung ito ay may kasamang critical reflection, real-life context, at social participation. Ayon pa kay Beard at Wilson (2018), ang karanasan ay nagsisilbing pundasyon kung saan nakatayo ang kaalaman at kasanayang kailangang linangin sa 21st-century education. Dagdag pa rito, ipinapakita sa pananaliksik nina Morris (2020) at Loo (2021) na ang integrasyon ng experiential learning sa mga kurikulum ay humahantong sa mas mataas na motivation, engagement, at academic performance ng mga mag-aaral, lalo na sa mga kursong teknikal at bokasyonal.

## V. Rekomendasyon

Kaugnay ng mga konklusyong nabanggit, buong pagpapakumbabang inirerekomenda ng mananaliksik ang mga sumusunod:

Ipagpatuloy ang magandang pamamahala ng punong-guro para mapanatili ang bisa ng kahusayan sa pagtuturo gamit ang dulog na pagsasadula. Maaari ding magsagawa ng mga seminar workshop hinggil sa mga estratehiya sa pagtuturo ng pagsasadula upang mas malinang ang kakayahan ng mga guro na makatutulong sa mga gawaing pampaaralan.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Iminumungkahi na ipagpatuloy ng mga guro ang paggamit ng mga epektibong pamamaraan sa pagtuturo ng pagsasadula upang patuloy na mapahusay ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral. Maaring magpatulong sa mga eksperto o sa mga kasamahang may malawak na kaalaman sa angkop na estratehiya sa pagtuturo. Mahalaga ang resulta anito sa mga mag-aaral sapagkat makatutulong ang sapat na kaalaman sa mga guro sa paggamit ng angkop na estratehiya sa pagtuturo. Dagdag pa rito, sa mga mag-aaral, lumahok sa mga pagsasadula na ipinapagawa ng guro upang magkaroon ng kaalaman, matuklasan ang kanilang talento sa pag-aarte at makakuha nang mataas na marka. Sumali rin sila sa ganitong perpormans upang magkaroon ng kumpiyansa sa sarili, magkaroon ng maraming kaibigan.at makilala nang lubusan ang kanilang mga kaklase.

Sa mga guro, gamitin ang estratehiyang pagsasadula upang tuklasin ang kahinaan at kahusayan ng mga mag-aaral sa pagsasadula. Lumahok sa mga teatrong seminar upang makakuha ng estratehiyang gagamitin para maging epektibo ang pamamaraan sa pagtuturo ng epiko at sa iba pang akdang pampanitikan.

Para sa iba pang mga mananaliksik na nagtatangkang pag-aralan ang naturang paksa ay ipagpatuloy ang pananaliksik sapagkat makatutulong ang impormasyong makukuha para mapaunlad ang kakayahang panteknolohiya at paggamit ng kompyuter ng mga guro. Maaari ring pag-aralan sa hinaharap kung ano pa ang ibang salik na nakaiimpluwensiya sa paggamit ng kompyuter ng mga guro. Kung ganito man, makatutulong ito sa pagpapalawak ng kaalaman na may kinalaman sa naturang paksa.

## Mga Sanggunian

[1] Ayu, M., & Aminatun, D. (2021). Teaching speaking by using role play technique at university students. Journal of English Language Teaching and Learning, 2(1), 1–6. https://doi.org/10.33365/jeltl.v2i1.757
[2] Beard, C., & Wilson, J. P. (2018). Experiential learning: A practical guide for training, coaching and education (3rd ed.). Kogan Page.
[3] Burman, D. D. (2021). Cognitive development and experiential learning: A neuroscientific perspective. Journal of Cognitive Education and Psychology, 20(2), 141–157. https://doi.org/10.1891/JCEP-D-20-00004
[4] Eder, A., & Dignath, C. (2021). Fostering students' self-regulated learning through teacher behavior: A systematic review of classroom observation studies. Frontiers in Psychology, 12, 727122. https://doi.org/10.3389/fpsyg.2021.727122
[5] Keezhatta, M. S. (2020). Enhancing ESL learners' speaking skills through task-based role play activities in the classroom: A pedagogical approach. International Journal of English Language Teaching, 8(4), 38–52. https://doi.org/10.5430/ijelt.v8n4p38
[6] Kolb, A. Y., & Kolb, D. A. (2017). Experiential learning theory as a guide for experiential educators in higher education. Experiential Learning & Teaching in Higher Education, 1(1), 7–44. https://nsuworks.nova.edu/elthe/vol1/iss1/7
[7] Loo, S. (2021). Experiential learning and work-based learning: Approaches and practices. International Journal of Work-Integrated Learning, 22(2), 189–202. https://www.ijwil.org/

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

[8] Morris, T. H. (2020). Experiential learning – a systematic review and revision of Kolb's model. Interactive Learning Environments, 28(8), 1064–1077. https://doi.org/10.1080/10494820.2019.1570279
[9] Panadero, E. (2017). A review of self-regulated learning: Six models and four directions for research. Frontiers in Psychology, 8, 422. https://doi.org/10.3389/fpsyg.2017.00422
[10] Rosmayanti, D., & Muhyahrif, N. (2019). Improving students' speaking ability through experiential learning approach. Journal of English Education and Teaching, 3(1), 32–42. https://doi.org/10.33369/jeet.3.1.32-42
[11] Yardley, S., Teunissen, P. W., & Dornan, T. (2012). Experiential learning: Transforming theory into practice. Medical Teacher, 34(2), 161–164. https://doi.org/10.3109/0142159X.2012.643264
[12] Zimmerman, B. J. (2002). Becoming a self-regulated learner: An overview. Theory Into Practice, 41(2), 64–70. https://doi.org/10.1207/s15430421tip4102_2

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved